Paano ko malalaman kung ano ang mga paksa na tinuturo sa HCE?

Ang mga guro ay kinakailangang magturo ng lahat ng nilalaman ng kurikulum at kadalasan ay pinapaalam sa mga magulang ang mga paksang pinag-aaralan. Maaring nasa anyo ito ng “class letter” o pagtalakay sa panahon ng pagpupulong ng magulang at guro.

Kapag hindi kayo nakatanggap ng impormasyon tungkol sa HCE at nais niyong malaman ang tungkol dito, kontakin lamang ang guro ng inyong anak.

Kinikilala ng BC Ministri ng Edukasyon na may mga magulang na mas komportableng magturo ng ilan sa mga paksa sa bahay.

Sa sitwasyon na ito, maaring hingin ng mga magulang na ma-pagliban ang anak sa tiyak na klase ng araling- HCE at mga gawain. Para magawa ito, kailangan makipag-usap ang magulang sa mga tauhan sa paaralan tungkol sa “alternate arrangements” o kahaliling ayos.

Ang mga mag-aaral na tinuturuan ng paksang-HCE sa kahaliling paraan ay kinakailangan magpakita ng kaalaman sa mga paksang ito.

Ang ulat ng guro sa HCE ay inilalagay sa report card ng inyong anak minsan sa isang taon.

“Health and Career Education Primary”

[Filipino]

Ang brosyur na ito ay isa sa mga serye na inisponsoran ng programang VSB SWIS at ang pinagsamang gawain ng mga ESL na guro at ng grupong VSB MCLW.

Ang programang ito ay ginawang posible sa pamamagitan ng pondo galing sa Gobyerno ng Canada at ng Probinsiya ng British Columbia.

Kalusugan at Edukasyon pang-Karera

Kindergarten hanggang Grade 3

Ano ang Kalusugan at Career Education (HCE)?

Ang HCE isang kurikulum-probinsiyal para sa lahat ng mag-aaral na nasa K hanggang Gr. 3. Ito ay nagbibigay ng panimulang kaalaman, kakayahan at saloobin na maaring tumulong sa mga mag-aaral na maging maalam sa paggawa ng mga desisyon at ligtas at malusog na pagpipilian.

Ano ang tinuturo sa Kalusugan at Edukasyon Pang-Karera?

Ang HCE ay nakapokus sa mga paksang sumusunod mula Kindergarten hanggang Grade 3.

Mga Layunin at Paggawa ng Desisyon

- Magkaroon ng layunin at sundan ang plano para makamit ang layunin.
- Matutong maghanap ng suporta para sa paggawa ng desisyon sa bahay at sa paaralan.

Career Development

- Alamin ang personal na kakayahan at interes.
- Bumuo ng magandang gawi sa trabaho.
- Eksaminin ang personal na responsibilidad sa bahay at paaralan.

Kalusugan at Pamumuhay na Malusog

- Matuto ng malusog na gawi sa pagkain.
- Matutong pigilan ang pagkalat ng sakit katulad ng sipon o flu.
- Magkaroon ng pag-unawa tungkol sa kalusugang pisikal at emosyonal.

Malusog na Relasyon

- Matuto ng positibong pakikipag-usap at pagpapahayag ng damdamin.
- Galugarin at panatilihin ang malusog na relasyon at pakikipagkaibigan.
- Unawain ang bullying o pang-aapi at ang kalalabasan nito.

Kaligtasan at Pagpigil ng Pinsala

- Matuto ng tamang pangalan ng mga parte ng katawan ng lalaki at babae.
- Unawain ang pagkakaiba ng angkop at hindi angkop na hawak.
- Unawain kung paano iwasan o pigilan ang mga potensiyal na sitwasyon ng pang-aabuso.
- Matuto tungkol sa kaligtasan sa bahay, paaralan at komunidad.
- Matuto ng maayos na pagtugon sa panganib at kagipitan.

Abuso sa Paggamit ng Hindi Ligtas na Sangkap at ang Pagpigil nito

- Matutong kilalanin, iwasan at/o ayawan ang mga hindi ligtas na sangkap.

Bakit tinuturo ito sa paaralan?

Ang BC Ministri ng Edukasyon ay naniniwala sa pagtuturo na pang-kabuuan. Kasama dito ay ang pagtaguyod ng pang-sosyal, pang-emosyonal, pang-kaisipan,pang-sining at pang-pisikal, na may kasamang responsibilidad pan-lipunan. Naniniwala ang Ministri na ang HCE ay makatutulong sa mga mag-aaral na:

- Malinang ang kakayahan at saloobin na kailangan para pagyamanin ang personal na buhay at;
- Matagumpay na mamuhay sa kumplikadong mundo na kanilang kinalalakihan.